

Pag-aaral ng Bibliya

Aralin para sa Pebrero 1

Pagtatayo sa Katawan ni Cristo

Pangunahing Mga Talata: "At binigyan Niya ang ilan ng mga apostol; at ang ilan ng mga propeta; at ang ilan ng mga ebanghelista; at ang ilan ng mga pastor at tagapagturo para sa pagpapatatag ng mga banal, para sa gawain ng ministeryo, para sa pagtayo ng katawan ni Cristo."

Efeso 4:11,12

Piniling Kasulatan:

Efeso 4:11-16

Sa pagsisimula ng kabanatang ito, hinihikayat ni Pablo ang mga mananampalataya na "mabuhay nang marangal ayon sa tawag na inyong tinanggap." (Efeso 4:1). Tumutukoy ito sa pagbabagong-loob ng isang tao tungo sa Kristiyanismo. Ang bokasyon ng isang tunay na Kristiyano ay lampas sa karaniwang hanapbuhay. Kasama rito ang pagtanggap at pagpapamalas ng mga pagpapahalaga ng pananampalataya, pag-ibig, kapatawaran, paglilingkod, sakripisyo, at pagkakaisa sa bawat aspeto ng buhay.

"Pagsikapan ninyong panatilihin ang pagkakaisa ng Espiritu sa tali ng kapayapaan. Isang katawan at

isang Espiritu, gaya ng pagtawag sa inyo sa isang pag-asa ng inyong pagtawag; Isang Panginoon, isang pananampalataya, isang binyag; Isang Diyos at Ama ng lahat, na nasa itaas ng lahat, at sa pamamagitan ng lahat, at sa inyong lahat." (Efeso 4:3-6) . Binibigyang-diin ng mga taludtod na ito na hindi dapat magkaroon ng diwa ng sektaryanismo sa mga debotong Kristiyano. Lahat ng mga ito ay kikilalanin si Cristo bilang kanilang pinuno at na ang walang hanggang Ama ang Maylalang o Unang Sanhi. Samakatuwid, ang ideya ng Trinidad ng pantay-pantay na mga diyos ay salungat sa Kasulatan.

Matapos umakyat si Cristo sa langit, dumating ang Banal na Espiritu sa Maagang Simbahan noong Araw ng Pentekostes. (Mga Gawa 1:1-4, 9-14; 2:1-4). Noong panahong iyon, ipinagkaloob ang iba't ibang kaloob sa mga tagasunod ng Guro, lalo na sa mga apostol, na mga kinatawan ng Diyos na pinukaw ng Banal na Espiritu. Ang mga itinuro at isinulat nila ay nilayong gabayan ang mga inihandog na mananampalataya sa kanilang pananatili sa lupa. Efeso 4:7-10

Ipinapakita ng ating mga Pangunahing Talata ang mga tungkulin ng espiritwal na pamumuno na itinatag ng Panginoon upang ihanda ang mga banal ng Kapanahunan ng Ebanghelyo sa kanilang gawain ng ministeryo ayon sa inutos ng Diyos. Sinasabi ni Pablo na ang ministeryong ito ay para sa "pamagpapatibay [o pagtatayo] ng katawan ni Cristo." Marami ang nagpapahalaga sa pribilehiyo na tumugon sa paanyaya na maging katuwang na

tagapagmana ni Cristo sa kaniyang paparating na kaharian dahil sa kanilang paglalaan at muling pagsilang sa espiritu. Sa kasalukuyan, ang mga Kristiyanong ito ay nagsasama-sama sa mga pulong, kombensiyon, at pakikipag-isa, at nagsasagawa ng personal na pag-aaral at panalangin habang nagsusumikap silang tapat na tuparin ang kanilang tipan ng sakripisyo.

Kayo't pinagpala tayo sa pagtanggap ng dakilang pribilehiyo na itataga ang ating mga buhay ngayon sa "kaaya-ayang panahon." (2 Corinto 6:2). Ito ay isang pagkakataong hindi mailarawan. Dapat ay dakila ang ating kababaang-loob, na kumikilala sa ganoong kataas na pag-asa na hindi natin kailanman maabot sa sarili.

Sa mga "huling araw" na ito, maaari nating pagnilayan ang kamangha-manghang pamana sa pagkakaroon ng kaalaman at pagpapahalaga sa "kasalukuyang katotohanan." (2 Pedro 1:12,13). Ang maraming katuruang tinatanggap ng mga nasa loob ng ating samahan ay sumasalamin sa kahanga-hangang pagkatao ng Ama sa Langit. Dapat nating tandaan, gayunpaman, na ang pinakahuling layunin ng ating pagtanggap ng ganoong pagkaunawa ay hindi lamang upang mabigyan tayo ng intelektwal na kaalaman tungkol sa plano ng Diyos. Sa halip, bukod pa rito, ito ay upang tulungan tayo sa proseso ng pagbabago, na sa pamamagitan ng banal na impluwensiya ng Banal na Espiritu, tayo ay makabuo ng pagkakataong katulad ni Cristo at hanapin ang "pagpapasigla ng katawan ni Cristo."

Magpakita tayo ng lubhang kasipagan sa mga bagay na ito upang maging tiyak ang ating panawagan at hinirang. Kung tayo ay magiging tapat, sa huli ay makikibahagi tayo sa gawain ng muling pagsasama ng sangkatauhan sa Langit na Ama, habang sila ay ibinabalik sa kaperpektoan na nawala sa Eden. 2 Pedro 1:10,11